



Ang Kristiyano at ang Sanlibutan

Leksyon 26

1. Paano dapat maki-ugnay ang Kristiyano sa mga bagay ng sanlibutan?

1 Juan 2:15 _____

2. Anong katulad na panawagan ang ibinibigay ni Pablo?

Roma 12:2 _____

3. Sinumang kaibigan ng sanlibutan ay ano?

Santiago 4:4 _____

4. Paano idinidiin ang ating pangangailangan ng pagkakaiba mula sa sanlibutan?

2 Corinto 6:17 _____

“Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago.” 2 Corinto 5: 17

5. Tayo ay mag-iba sa pamamagitan ng pagbabago ng ano?

Roma 12:2 _____

Ang ating isip ay binubuo ng kung ano ang ipinapakain natin dito. Kung ating palalaguin ang pag-iisip ni Cristo tayo ay dapat maging mapili sa kung anong ipinapahintulot nating ipasok dito sa pamamagitan ng ating mga mata at mga tainga.

6. Kailan natin dapat lagyan ng takip ang ating mga tainga at ipikit ang ating mga mata.

Isaias 33:15 _____

7. Paano pinigilan ni Job ang kaniyang mga mata?

Job 31:1 _____

8. Ano ang naging pasiya si David?

Awit 101:3 _____

9. Ano ang dapat nating pag-isipan?

Filipos 4: 8 anomang bagay na _____
anomang bagay na _____
anomang bagay na _____
anomang bagay na _____
anomang bagay na _____
anomang bagay na _____
kung may anomang _____
at kung may anomang _____
ay isipin ninyo ang mga bagay na ito.”

Ang isang tunay na Kristiyano ay ipahihintulot na ang mga pamantayang ito ang magturo sa kanyang pagpili ng babasahin, pakikinggan, panoorin, paglilibangang mga gawain sa malayang oras. Bilang isang paalala, bakit hindi ilagay ang mga salita ng Filipipos 4: 8 sa itaas ng telebisyon?

10. Paano isinalarawan ng Biblia ang malaking pagnanais ng mga tao sa paglilibang ngayon?

2 Timoteo 3:4 _____

11. Sa ilalim ng anong paglalarawan babagsak ang isang umiibig sa katha?

Apocalipsis 22:15 _____

12. Nang ang mga tao ay magbalik-loob sa Efeso, ano ang ginawa nila sa kanilang masasamang mga aklat?

Gawa 19:19 _____

13. Anong uri ng awitin ang pinaka-mabuti para sa Kristiyano?

Colosas 3:16 _____

14. Ano naman tungkol sa ating mga pakikisama?

Kawikaan 13:20 _____

“Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni nauupo man sa upuan ng mga manglilibak. Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; at sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi. At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan, ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta; at anumang kaniyang gawin ay giginhawa.” Awit 1: 1-3

15. Ano ang pinaka-mabuting panlaban laban sa kasalanan?

Awit 119:11 _____

16. Ano ang dapat nating maging panalangin?

Awit 19:14 _____

17. Paano nararapat ang mga Kristiyano na manamit sa kanilang mga sarili?

1 Timoteo 2: 9-10 _____

18. Nang naghahanda na sa paglapit sa Diyos, ang sambahayan ni Jacob ay naglinis, nagbago ng kanilang mga kasuotan, at nagbigay ng anong dalawang mga bagay kay Jacob?

Genesis 35:2-4 _____

Isinasama ng Biblia ang mga palamuti at alahas sa walang kabuluhang kamunduhan ng masasama. “Sila'y may mga gintong hikaw, dahil sa sila'y mga Ismaelita.” Hukom 8: 24

“Jezabel...kinulayan ang kaniyang mga mata, at ginayakan ang kaniyang ulo...” 2 Hari 9: 30

“Bagaman ikaw ay nananamit ng mainam na damit na mapula; bagaman ikaw ay gumagayak ng mga kagayakang ginto, bagaman iyong pinalalaki ang iyong mga mata ng pinta, sa walang kabuluhan nagpapakaganda ka.” Jeremias 4: 30

“Sinabi ng Panginoon...hahatulan mo бага si Ohola at si Oholiba? ipakilala mo sa kanila ang kanilang mga kasuklamsuklam.” “Bukod dito ay inyong ipinasundo ang mga taong nangagmumula sa malayo,...na siyang dahil ng iyong ipinaligo, at ipinagkulay mo ng iyong mga mata, at pinaggayakan mo ng mga gayak.” “At sila'y nangaglagay ng mga pulsera sa mga kamay nila, at mga magandang putong sa kanilang mga ulo.” “Ganito ko patitigilin.... ang lahat na babae ay maturuan na huwag magsigawa ng ayon sa inyong mga kahalayan.” Ezekiel 23:36-49.

“Siya'y nagpaparanya ng kaniyang mga hikaw at kaniyang mga hiyas, at sumusunod sa mga mangingibig sa kaniya, at kinalilimutan ako, sabi ng Panginoon.” Oseas 2: 13

“At nararamtan ang babae ng kulay-ube at ng pula, at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng mga kasuklamsuklam, at ng mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid.” Apocalipsis 17: 4

Ang Isaias 3: 16- 24 ay nagbibigay ng isang nakapagpapahayag na talaan ng mga makasanlibutang palamuti na sinaway ng Panginoon sa mga kabilang na anak na babae ng Zion. Sa talatang 9 sinasabi Niya, “Ang kanilang pagtatangi ng mga tao ay sumasaksi laban sa kanila.”

19. Ano ang ipinag- utos ng Panginoon sa Israel na hubarin sa Horeb?

Exodo 33:5-6 _____

20. Ano ang sinabi ni Pedro tungkol sa tamang pananamit ng isang Kristiyano?

1 Pedro 3:3-4 _____

21. Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa pagkakaiba sa pananamit?

Deuteronomio 22:5 _____

22. Ano, sa isang lalaki, ang magpapalabo sa pagkakaibang iyon?

1 Corinto 11:14-15 _____

23. Anong hangarin ang nasa likod ng pananamit ng sanlibutan?

Mateo 23:5 _____

24. Ano ang itinuturo sa atin ng biyayang ibinigay ng Diyos?

Tito 2:11-12 _____

25. Bakit ibinigay ni Jesus ang Kaniyang sarili para sa atin?

Tito 2:14 _____

26. Paano ipinahiwatig ni Pablo na may kasiyahan na ibinigay niya ang lahat ng mga bagay upang makamit niya si Cristo?

Filipos 3:8 _____

27. Ang isang Kristiyano ay hindi lamang magnanais na sumunod sa malinaw na mga utos ng Diyos, ngunit gagawin din ang mga bagay na alam niyang ano?

1 Juan 3:22 _____

28. Sinumang ipinanganak ng Diyos ay gumagawa ng ano?

1 Juan 5:4 _____

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

- O** Nauunawaan kong ang pamumuhay ng isang tunay na Kristiyano ay kakikitaan ng pagkakaiba mula sa isang hindi mananampalataya.
- O** Nauunawaan kong hinihingi ng Diyos sa akin na ihayag ang Kanyang mga pamantayan sa aking pag-iisip, pananamit, aking pagbabasa, at sa lahat ng aking mga gawain.
- O** Ninanais kong gawin ang lahat ng makapag-papalugod sa Diyos.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Pagkilala sa Pag-aari ng Diyos*